CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Setyembre 23, 2020

Pakikipag-ugnay: Jennifer Gonzalez, Outreach & Risk Communication Specialist, Long Beach Department of Health & Human Services, 562.570.4290, Jennifer.Gonzalez@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Lungsod ng Long Beach Nag-aalok ng Libreng Klinika sa Pagbabakuna ng Influenza

Masidhing Hinihikayat ang Mga Residente na Kumuha ng mga Flu Shot sa Gitna ng COVID-19 Pandemya

Ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Long Beach (Kagawaran ng Kalusugan) ay nag-aalok ng pag-access sa mga pagbabakuna sa influenza sa darating na panahon sa pamamagitan ng pagho-host ng maraming mga klinika sa pagbabakuna sa influenza nang walang bayad para sa mga indibidwal na walang seguro sa kalusugan o sa mga healthcare provider na hindi nag-aalok ng mga bakuna sa influenza.

“Lalo nang mahalaga para sa lahat ng mga residente na magpabakuna nang maaga sa darating na panahon ng influenza sa taong ito,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Kailangan nating lahat gawin ang ating bahagi upang maprotektahan ang ating sarili at bawat isa mula sa parehong influenza at COVID-19.”

Ang unang malakihang klinika ng taon ay magaganap sa Huwebes, Oktubre 1, 2020, mula 3:00 p.m. hanggang 6 p.m. sa Long Beach City College Veterans’ Stadium. Ang drive-up na klinika na ito ay magbibigay sa mga dadalo ng opsyon na makatanggap ng mga bakuna nang hindi lumabas sa kanilang sasakyan. Sinumang 12 taong gulang pataas ay maaaring makatanggap ng bakuna sa drive-thru; ang mga pamilyang may mga anak na mas bata sa 12 taong gulang ay ididirekta sa isang walk-up na lugar. Walang kinakailangan na appointment.

Ang mga klinika ay magpapatakbo sa mga sumusunod na araw at oras hanggang Nobyembre 21, 2020, o hanggang maubos ang suplay:

- Huwebes, 3 p.m. hanggang 6 p.m., Long Beach City College Veterans’ Stadium (5000 E. Lew Davis St.)
- Sabado, 10 a.m. hanggang 1 p.m., Cabrillo High School (2001 Santa Fe Ave.)

CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

Lubos na inirerekomenda ng Kagawaran ng Kalusugan na ang lahat ng may edad anim na buwan at pataas ay kumuha ng bakuna sa influenza bawat taon, lalo na ang mga may kondisyong pangkalusugan na maaaring dagdagan ang kanilang panganib na malubhang komplikasyon mula sa influenza. Ang bakuna sa influenza ay tumutulong sa pagbuo ng kaligtasan sa sakit at maaaring mabawasan ang panganib ng sakit sa paghinga, trangkaso at COVID-19. Ang mas malaking saklaw ng komunidad sa pamamagitan ng bakuna ay makakatulong din na maibsan ang mga potensyal na pasanin sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

“Ang influenza ay hindi isang bagay na ipinagwawalang-bahala ,” sabi ng Opisyal sa Kalusugan ng Lungsod na si Dra. Anissa Davis. “Kahit na ang karamihan sa mga taong nagkakaroon ng influenca ay gumagaling ng lubos na may kaunting interbensyon na medikal, ang iba ay makakaranas ng matinding karamdaman o kamatayan. Ngayong taon, sa dalawahang banta ng COVID-19, lalong mahalaga na ang lahat na maaaring magpabakuna ay gawin ito.”

Para sa karamihan sa mga tao, ang mga sintomas ng trangkaso ay maaaring kapareho ng mga sintomas ng COVID-19 at maaaring may kasamang lagnat, panginginig, pananakit, sakit, at pag-ubo, habang para sa iba, ang trangkaso ay maaaring nakamamatay. Ang mga flu shot ay lalong mahalaga para sa mga taong may mataas na peligro para sa mga seryosong komplikasyon mula sa trangkaso, kabilang ang:

- Mga sanggol na may edad anim na buwan o pataas.
- Ang mga 60 taong gulang o pataas.
- Mga buntis na babae.
- Mga tagapag-alaga ng mga nakatatanda o mga sanggol.
- Ang mga mayroon malalang kondisyon ng medikal tulad ng diabetes o isang malalang kondisyon sa puso, baga, bato o atay.
- Ang mga immune-compromised, tulad ng mga taong may HIV/AIDS at mga taong nakadialysis o tumatanggap paggamot sa cancer.

Bilang karagdagan sa mga libreng klinika sa pagbabakuna ng influenza sa kapitbahayan, ang mga indibidwal ay maaaring makipag-ugnayan sa kanilang tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan o parmasyutiko para sa isang flu shot. Ang mga residente ay maaari ring mag-iskedyul ng isang appointment para sa flu shot sa Kagawaran ng Kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa (562) 570-4315 sa mga regular na oras ng negosyo. Ang isang maliit na bayad sa pamamahala ay mailalapat sa oras ng appointment.

Inirekomenda din ng Kagawarang ng Kalusugan na ang bawat isa ay magsanay ng malulusog na ugali upang maiwasan ang pagkakaroon o pagkakalat ng trangkaso sa pamamagitan ng:

- Pag-iwas sa malapit na pakikipag-ugnayan sa mga taong may sakit.
- Manatili sa bahay kaysa sa trabaho o paaralan kung may sakit.

- Pagtatakip ng bibig at ilong ng tisyu kapag umuubo o bumabahing.
- Paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig o madalas na gumamit ng hand sanitizer.
- Pag-iwas sa paghawak ng mata, ilong, at bibig.
- Paglilinis at pagdidisimpekta ng mga ibabaw at bagay na maaaring malagyan ng virus ng influenza.
- Kung magkaroon ang trangkaso, kumuha ng antiviral na gamot na inireseta ng doktor.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa panahon ng influenza ng 2020, hinihikayat ang komunidad na bisitahin ang: longbeach.gov/flu.

Ang mga klinika sa influenza ay gagamitin bilang modelo para sa mga pagsisikap sa pagbabakuna ng masa sa sandaling magkaroon ng bakuna para sa COVID-19. Ang mga libreng klinika sa pagbabakuna ng influenza ay ginawang posible sa pamamagitan ng pagpopondo mula sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###